**Maikling Kuwentong Pambata – Filipino Division**

# Sulat sa Birhen

**Synopsis:**

This Filipino short story for children is about a girl who wanted so badly to help her family during a difficult time. Her family needed money to pay for her eldest sister's matriculation fee in the university, so she would be allowed to take her examinations.

But with her father just relying on his meager pension, her eldest brother out of job, and only her mother employed that time, the family could not raise enough money to send to Manila. They approached relatives to borrow some amount, but they failed largely.

She then remembered what the parish priest in the town church once said, that there was nothing impossible to God, as long as one prayed hard. So pray hard she did. And thinking of a better way to get her message across, she wrote a letter to the Virgin Mary, to ask her to tell her son about her prayer and request. She then put the folded letter under the small statue of the Virgin at the family altar.

But soon an accident befell her father. She realized that the letter did not really work and her prayer was not really heard.

**Sulat sa Birhen**

Isa, dalawa, tatlo. Tatlong plastik na pambalot ang pinag-agawan naming punitin at hilain hanggang kumalat sa sahig ang pinakasasabikan naming makita: mga damit, biskwit, mamon ng Goldilocks, palaman sa tinapay, gamit panligo, at iba pa.

Lahat mabango. Lahat amoy bago, lalo na ang pulang T-shirt na bigay sa akin ni Ate Margo. Dali-dali akong umakyat sa kuwarto para magsukat. Nadaanan ko sila Nanay at Tatay na nag-uusap sa malaking kuwarto. Hawak hawak ni Nanay ang nakabukas na sulat ni Ate Margo.

"Darating na din naman ang pensyon ko sa susunod na linggo. Makakatulong yun," narinig kong sabi ni Tatay.

"Magkano lang yun. Malaking pera ang kailangan natin para mabayaran ng buo ang matrikula ng anak mo," sagot ni Nanay.

Tumahimik na lamang si Tatay. Maya-maya pa ay narinig kong umandar ang tricycle nya at unti-unting nawala palayo. Ganoon si Tatay kapag may malalim na iniisip. Aalis siya sakay ang tricyle nya at uuwi ng dapit-hapon.

Pagbaba ko suot ang T-shirt na bigay ni Ate Margo, naabutan kong tinitikman nina Andong at Laika ang mga bwiskit at mamon, habang binabasa ng malakas ni Ate Myla ang sulat ni Ate Margo sa aming magkakapatid.

"Di muna pala ako makakauwi ngayong bakasyon," ang sabi sa sulat. "Balak ko kasing mag-summer job. Sayang naman kasi ang bakasyon. At saka para may pambili ako ng mga bilin ninyo." Natahimik kaming lahat. Inaasahan kasi naming uuwi si Ate Margo kagaya ng ginagawa nya tuwing bakasyon simula noong nag-aral siya sa Maynila.

Gabi na umuwi si Tatay noong araw na yun. Ng mga sumunod na araw, maaga siyang umaalis ng bahay at halos gabi na umuuwi. Noong minsang sinubukan kong sumama sa kanya sa tricycle, hindi siya pumayag.

“Gagabihin ako ng uwi. Dumito ka na lang sa bahay,” sabi nya.

Minsan nadaanan ko si Tatay sa may labas ng munisipyo habang naglalakad ako pauwi galing sa eskwelahan.

“Tay, ano pong ginagawa nyo dito?”

“Inaabangan ko ang Tito Ramon mong lumabas sa opisina nya, anak. Kailangan ko lang siyang makausap.”

Hinintay ko na lamang si Tatay. Nang kausap nya si Tito Ramon, narinig kong humihiram siya ng pera dito. Hindi ko alam kung nakahiram siya, pero kinagabihan ay narinig ko silang nag-uusap ni Nanay tungkol sa pera.

“Nakausap ko si Melvin sa telepono sa bayan. Susubukan daw nyang humiram sa agency nya. Pero walang kasiguraduhan yun,” sabi ni Nanay.

Si Kuya Melvin ang panganay sa aming magkakapatid. Nagtatrabaho siya sa barko at tumutulong sa pagpapaaral kay Ate Margo. Sabi ni Tatay dalawang buwan na daw na bakante sa trabaho si kuya dahil hinihintay nyang bumaba sa barko ang papalitan nya.

“Napahiram ako ni Ramon, pero isang libo lang,” sabi ni Tatay kay Nanay. “Hayaan mo at lalapit ako sa iba.”

Si Nanay naman ang ginabi ng uwi noong sumunod na araw. Dumaan siya mula trabaho sa bahay ng isang pinsan nya para humingi ng tulong.

“Kapos din daw sila,” sabi nya kay Tatay.

Hindi na sumagot si Tatay. Tahimik siyang umakyat ng kuwarto nang hindi kumakain.

Maliban sa ingay ng telebisyon, tahimik ang buong bahay. Noon lang kasi namin nakita sila Nanay at Tatay na sobrang nag-alala.

Tinawag kami ni Nanay noong gabing yun para magdasal ng rosaryo. Hindi kagaya ng ibang gabi na nagrereklamo kami sa antok, mabilis kaming lumapit at lumuhod sa harap ng maliliit na rebulto ng Birheng Maria at ng asawa nyang si Joseph.

Pagkatapos ng rosaryo, di nawala sa isip ko ang problema nila Tatay at Nanay. Nag-isip ako kung paano makakatulong. Naalala ko ang sabi minsan ng pari sa simbahan namin. Wala daw imposible sa Diyos. Magdasal lamang daw at ibibigay nya sa 'yo ang hiling mo.

Pumikit ako at nagdasal ng matagal. Pagkatapos ay nag-isip ako ulit kung paano mas pakikinggan at ibibigay ng Diyos ang hinihingi ko.

“Sulat kaya?” naisip ko. “Tama, magsusulat ako!” Dali-dali akong kumuha ng papel at bolpen at nagsulat. Tiniklop ko ang papel ng ilang beses hanggang sa maging maliit na parisukat ito. Bumalik ako sa altar at dahan-dahan kong inangat ang Birheng Maria. Nilagay ko sa ilalim ang papel at ibinalik ng marahan ang rebultong puti at bughaw.

Maganda ang gising ko kinabukasan, araw ng Sabado. Pakiramdam ko ay maaayos na ang problema ng pamilya namin.

Wala sila Tatay at Nanay pagbaba ko. Tanghali na halos dumating si Nanay bitbit ang isang plastik na may lamang ulam at kanin. Hinintay nyang makauwi si Tatay para mananghalian, pero hindi ito dumating.

Bandang alas singko ng hapon ay humahangos na dumating ang isang mama. Naaksidente raw si Tatay at kailangang isugod sa ospital.

"Pinagtutulungan pa siyang makuha sa malalim na kanal malapit sa sementeryo." Yun ang huli kong narinig sa mama at tumakbo na ako papuntang may sementeryo.

Bukod sa mga nabaling buto sa kanya, na-stroke din daw si Tatay, sabi ni Nanay. Inatake daw siya ng alta-presyon habang nagmamaneho at nalaglag sa kanal ang tricycle nya.

May mga nakakabit na tubo kay Tatay sa ospital. Nakabenda din siya at hindi makapagsalita.

"Magdasal kayo. Ipagdasal nyo ang Tatay nyo," sabi ni Nanay sa amin habang umiiyak.

Umuwi ako sa bahay at nagdasal sa Birhen. Pagkatapos ay iniangat ko ang rebulto. Nandun pa din ang sulat ko.

Gumaling si Tatay, pero hindi na nya maigalaw ang kalahati ng katawan nya. Tinatanong namin lagi si Nanay kung kailan makakalakad at makakapagsalita ulit si Tatay. "Alagaan nyo lang ang Tatay nyo. Gagaling din siya," sagot ni Nanay.

Umuwi agad si Ate Margo mula Maynila pagkatapos ng mga exam nya. Pumayag daw ang paaralan nya na mag-exam siya kahit hindi pa bayad ang kulang nya sa matrikula. Hindi nga lang daw nya makukuha ang mga grado nya habang hindi nakakapagbayad.

“Hayaan mo’t bakasyon naman. Malapit nang makabalik sa barko ang kuya mo. Siguradong makakapagbayad tayo bago ang enrolment,” sabi ni Nanay sa kanya.

Isang gabi pagkatapos naming magdasal ng rosaryo, nilapitan ni Nanay ang Birhen. Pinulupot nya dito ang isang rosaryo nang mapansin nyang hindi nakatayo ng maayos ang Birhen. Nang inangat nya ito ay nakita nya ang papel na sulat ko. Binasa nya ito at tahimik na itiniklop pagkatapos.

"Hindi naman po binigay sa atin yung hiningi ko," sabi ko. "Naaksidente pa si Tatay."

Niyakap ako ni Nanay at matagal bago siya nagsalita.

"Mag-aral ka na lamang nang mabuti, anak. Kapag nakapagtapos at nakapagtrabaho ka na, kaya mo nang makuha ang mga gusto mo nang hindi humihiling sa iba," sabi nya.

Hindi na ako sumulat simula noon. Pero ang sulat ko, nandun pa rin sa ilalim ng Birhen.